The Future Is
PUBLIC
TRANSPORT

TAGALOG

# Public transport global coalition statement



C40 CITIES

INTERNATIONAL TRANSPORT WORKERS' FEDERATION

# Kailangang nating bigyan ang lahat ng akses sa pagpumbilkong transportasyon kung pipigilan natin ang krisis sa klima

Sa paggamit ng pampublikong transportasyon, alinman ito sa pagsakay sa bus, sa tram, o sa subway sa halip na pagmamaneho, ay **isa sa mga pinakaepektibong aksyon na maaaring gawin ng mga tao para makatulong na mapigil ang climate crisis**, ang pinakamalaking banta sa sangkatauhan ayon sa kamakailang IPCC report.[01] Pampublikong transportasyon ang simpleng solusyon para sa komplikadong pandaigdigang problemang ito. Pero kung walang pantay na akses, hindii lahat ay makagagamit ng pampublikong transportasyon.

**Bawat taong naninirahan sa lungsod ay dapat may akses sa ligtas, madalas, abot kaya at magagamit na pampublikong transportasyon na malalakad sa loob ng 10 minuto mula sa kanilang tahanan.**[02] Kailangan nating mamuhunan sa luntian at makatwirang pagbawi na **kolektibong nagdodoble ng proporsyon ng pampublikong transportasyon sa mga lungsod**, at nagsusulong sa makatwirang paglipat sa pampublikong transportasyon na walang idinudulot na emisyon **sa 2030**.[03] Kung wala ang transpormasyong ito, hindi magiging posible para sa mga bansang maisagawa ang kagyat na layuning mabawasan nang kalahati ang mga emisyon ngayong dekada at malimitahan ang pagtaas ng pandaigdigang temperatura sa 1.5˚C.

Sa buong mundo, milyon-milyong tao ang lumipat na sa paggamit ng pampublikong transportasyon, at ipinapakita ng bagong pananaliksik na **higit sa ikatlong-kapat ng mga residente** sa pandaigdigang mga lungsod - mula Jakarta hanggang Johannesburg, mula London hanggang Milan - ang sumusuporta sa nasyonal na mga pamahalaang inuuna ang pamumiuhunan sa pampublikong transportasyon sa kanilang mga package para sa ekonomikong pagbawi mula sa COVID-19.[04] Mahalaga rin ang pambuplikong transportasyon para makakilos ang mga residente sa rural at peri-urban na mga lugar at sa pag-akses sa mga trabaho at mahahalagang serbisyo ng mga taong naktira sa ilegal na mga panirahan sa lungsod, pero kalahati lamang ng populasyon ng mundo ang may madaling akses dito.[05]

**Isa itong pandaigdigang panawagan para sa mas malaking pamumuhunan sa pampublikong transportasyon dahil kung wala ito, hindi matutugunan ng mundo ang mga layunin nito sa klima.** Kami, bilang mga pinuno ng ilan sa pinakamalalaking lungsod sa mundo, bilang mga pinuno ng mga unyon ng manggagawa at pinuno ng mga awtoridad sa transportasyon, ay nakatuon sa pagpapabuti at pagpapataas ng akses sa mga sistema ng ating pampublikong transportasyon.

01 https://www.ipcc.ch/report/ar6/wg1/downloads/report/IPCC_AR6_WGI_Full_Report.pdf

02 Hango ang inspirasyon ng bisyong ito sa ‘Mga Taong Malapit sa Sakayan’ na panukat ng ITDP: https://naindicators.itdp.org/

03 Ipinahihiwatig ng data mula sa McKinsey na 40-80% ng milyang ibinabiyahe sa mga lungsod ang kailangang magmula sa paglalakad, pagbibisikleta at pampublikong transportasyon para mailimitahan ang pandaigdigang pag-init sa 1.5 degri. Sa paggamit ng kasalukuyang mga ratio, ito ay humigit-kumulang 30-60% para sa pampublikong transportasyon. Ipinahihiwatig ng pre-pandemic data (2019) mula sa Google Environmental Insights Explorer na sa pamamagitan ng pampublikong transportasyon ang pangkalahatang 29% ng distansyang ibinabiyahe sa 60 lungsod

04 Polling data na isinagawa sa ngalan ng C40 ng Clear Path Strategies

05 UNDESA, SDG11. Gawing ingklusibo, ligtas, madaling makabawi at napapanatili ang mga lungsod at mga panirahan ng tao https://sdgs.un.org/goals/goal11

Pinabibilis ng mga manggagawa at sibil na organisasyon ang suporta. Nananawagan kami sa nasyonal na mga pamahalaang samahan kami sa pagsasagawa ng aksyong kailangan para maihatid ito.

Kailangan na ngayong mabawasan nang husto ang mga emisyon. **Kasalukuyang responsable para sa isang-kapat ng emisyon ng CO2 mula sa nasusunog na mga fossil fuel ang transportasyon.**[06] **Ang pagpapabuti, pagpapalawak at pag-decarbonize ng pampublikong transportasyon ay isa sa pinakamabilis at makapangyarihang mga pamamaraang mayroon tayo para mabawasan ang mga emisyon ng greenhouse.** Ang sustenable at pangmatagalang pamumuhunan sa pampublikong transportasyon ay lilikha at magpapanatili **rin ng disenteng mga trabaho, akses sa trabaho at mas mabuting kalusugan at kalidad ng buhay para sa lahat** sa post-pandemic na mundo, na nakapagpapakamit ng mga layunin ng UN Sustainable Development Goal 11 para gawing ingklusibo, ligtas, madaling makabawi at sustenable ang mga lungsod.

Makikinabang ang mas malakas na pampublikong sasakyan:

## Ang ekonomiya

Ang pampublikong sasakyan ay mahalaga para sa ekonomiya ng lungsod. **Nagbibigay ito ng akses sa mas marami at mas mataas ang pasahod na mga trabaho, at nagbibigay sa mga employer ng akses sa mga kasanayang kailangan nila.** Ang magandang kalidad ng pampublikong transportasyon ay nakaaakit sa mga negosyo sa mga lungsod at nagbibigay-daan sa mga itong umunlad, dahil sa ipinagkakaloob nitong mahalagang espasyo para sa paghahatid at pagseserbisyo.[07] Direkta ring nagbibigay ng trabaho sa milyun-milyong tao ang pampublikong transportasyon. Ang pamumuhunan sa pampublikong transportasyon ay nagbibigay ng 30% mas maraming trabaho kaysa sa paggawa ng mga kalsada, at maaaring lumikha nang hanggang 4.6 milyong mataas na kalidad na trabaho sa halos 100 na C40 na mga lungsod[08] na nakapagsasalba sa mga ekonomiya matapos an pandemya (for halimbawa, 430,000 sa Jakarta, 144,000 sa London at 23,000 sa Milan). Sa pamamagitan ng pagsuporta sa makatwirang paglipat sa disenteng trabaho, kabilang ang mas higit na pakikilahok para sa mga manggagawa sa pampublikong transportasyon, pormal man o hindi, matitiyak naming ang mga taong nasa unahan linya sa pagharap sa pandemya ay mayroong pangunahing lugar sa hinaharap. At sa pagkakaloob ng pantay na akses sa mga oportunidad sa trabaho, mapatataas natin ang partisipasyon ng mga kababaihan sa lugar ng trabaho. Ang pamumuhunan sa pampublikong transportasyon ay pamumuhunan sa mga lungsod at higit pa: bilang halimbawa, sinusupotahan ng supply chain ng London Underground ang 43,000 trabaho, 68 porsyento nito ay sa labas ng London.[09]

## Lipunan

Haligi ng pagkakapantay-pantay ang patas na akses sa pampublikong transportasyon. Nakikinabang ang bawat tao sa isang lungsod mula sa pampublikong transportasyon, ito man ay sa pamamagitan ng pag-akses sa trabaho, edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, kultura at libangan, o sa pamamagitan ng nabawasang pagsisikip ng trapiko, polusyon sa hangin at mga bungguan sa kalsada. **Nagdudulot ang pribadong transportasyon ng panlipunang gastos sa komunidad nang 28 beses na mas mataas kaysa sa mga pampubikong transportasyon.**[10] Sa umuunlad na mga bansa, ang

06 https://www.wri.org/insights/everything-you-need-know-about-fastest-growing-source-global-emissions-transport

07 https://www.centreforcities.org/reader/delivering-change-making-transport-work-for-cities/transport-essential-growth-cities/

08 https://thefutureispublictransport.org/wp-content/uploads/2021/03/C40-The-Future-of-Public-Transport-Research.pdf

09 https://content.tfl.gov.uk/financial-sustainability-plan-11-january-2021.pdf

10 https://www.researchgate.net/publication/248515960_Transport_cost_analysis_A_case_study_of_the_total_costs_of_private_and_public_transport_in_Auckland

hindi pormal na mga sistema ng transportasyon ang pinakalaganap at pinakalumalawak na mga paraan ng transportasyon.[11] Ang pamumuhunan sa sustenableng impraistruktura ng mobilidad ay lubusang makapagpapahusay sa mga sistema ng transportasyon, na tumitiyak na ang mga babae, migrante, kabataan, matatanda, at may kapansanan pati na rin ang mga hindi tiyak at hindi pormal na manggagawa ay maaaring makilahok nang buo sa lipunan at magtrabaho sa ligtas at protektadong mga kapaligiran, na may pinabuting kalidad ng hangin, pinahusay na kalusugan, pinahusay na mga kita at seguridad sosyal; na lahat ay makatutulong na mabuo ang kakayahan nilang makabawi nang mabilis sa krisis sa klima at anumang pandemya sa hinaharap. Dapat may gampanang mahalagang papel ang pampublikong transportasyon sa pagsuporta sa kabuhayan ng mga maralitang nagtatrabaho sa lungsod, at magbigay ng abot-kaya at naiaangkop na mga serbisyo, kabilang ang kakayahang maghatid ng mga produkto papunta at mula sa mga lugar ng trabaho, mga pamilihan at mga customer.

## Ang klima

Ang pagpapahusay ng pampublikong transportasyon at pagdidisenyo ng mga lungsod sa paligid nito nang mabawasan ang pagdepende sa paggamit ng kotse ay makatutulong na makabawas nang **20-45% ng kabuuang emisyon na kinakailangan para malimitahan ang pandaigdigang pag-init nang hanggang 1.5°C. Sa 2030, kakailanganin ng pagkikipagbahagi ng aktibong pagbiyahe at pampublikong transportasyong nasa pagitan ng 40% at 80%** - nakadepende sa uri ng lungsod[12] - kaalinsabay ang electrification ng mga sasakyan. Ang pamumuhunan sa pampublikong transportasyon ay hindi lamang nagpapataas ng pakikipagbahagi ng pampublikong transportasyon, pero nagpapataas din ng aktibong pagbiyahe dahil naglalakad at nagbibisekleta ang mga tao sa mga access network. Ang pagbibigay-priyoridad sa pamumuhunan para mapabuti at mapalawak ang pampublikong transportasyon, na naglilipat ng mga pagbiyahe mula sa mga sasakyan, ay magdudulot ng pinakamahalagang kontribusyon sa pagbabawas ng mga emisyon. Dapat din tayong sumulong sa pag-decarbonize ng pampublikong transportasyon: ito ang dahilan kung bakit maraming C40 na lungsod ang nangakong bumili lamang ng mga bus na hindi nagdudulot ng emisyon mula 2025.[13]

## Ang ating kalusugan

Kapag ipinatupad ang mga hakbang na inirerekomenda ng mga awtoridad sa kalusugan, napakababa ng panganib na magkaroon ng COVID-19 sa pampublikong transportasyon.[14] Bukod dito, mababawasan ng mas mahusay na kalidad ng hangin ang panganib ng respiratory at cardiovascular na mga sakit, na lumilikha ng mas malusog na mga lungsod. **Ang pampublikong transportasyon ay nananatiling isa sa pinakaligtas na mga paraan para bumiyahe sa lungsod**: ito ay 10 beses na mas ligtas bawat milya kaysa sa pagbiyahe gamit ang kotse[15]; at ginagawang mas ligtas ng pampublikong transportasyon ang mga kalsada sa pamamagitan ng pagbabawas ng trapiko dulot ng maraming motorsiklo. Bukod dito, ang mas mahusay na kalidad ng hangin ay magbabawas sa panganib ng mga sakit sa paghinga at cardiovascular, na lumilikha ng mas malusog na mga lungsod.[16] Dapat nating tiyakin na ang mga kababaihan, mga batang babae at mga grupong minorya - sa katunayan lahat - ay maaaring gumamit at magtrabaho sa pampublikong sasakyan nang walang takot sa karahasan: ang mga pamumuhunan ay dapat maglagay ng mga tamang

11 https://www.ssatp.org/publication/myths-and-realities-informal-public-transport-developing-countries-approaches-improving

12 Nalaman ni McKinsey na dapat isaalang-alang sa mga istratehiya para sa mobilidad ng lungsod ang mga pagkakaiba-iba sa per capita income at laki ng populasyon. (Pahina 46-47)

13 https://www.c40.org/other/green-and-healthy-streets

14 https://www.uitp.org/publications/public-transport-is-covid-safe/

15 https://www.apta.com/research-technical-resources/research-reports/public-transit-is-key-strategy-in-advancing-vision-zero

16 https://academic.oup.com/jpubhealth/article/41/2/222/5035071

hakbang upang ito ay palaging isang ligtas na kapaligiran.

**Nagbago ang paggamit ng pampublikong transportasyon** sa nakalipas na dalawang taon. Sunod sa pagbagsak sa pagbiyaheng resulta ng COVID-19, nakakikita na tayo ng walang palyang mga pagtaas ng inaasahang pagsakay ng mga residente ng lungsod matapos ang pandemya.[17] Hindi naman sa ayaw ng mga taong mabawasan ang pampublikong transportasyon pero gusto nila ng: **mas malawak at madalas, mas episyente at konektado**, mas malinis, mas mabilis at mas may espasyo sa pagsakay. Ito ay maisasakatuparan kung magkakaroon ng pamumuhunan, at kung nangunguna na ang mga lungsod. **Ang Jakarta**, bilang halimbawa, ay may target na ang mga serbisyo sa pampublikong transportasyon ay dapat hindi lalampas sa 500 metro sa 95% ng mga kabahayan ng kanilang mga residente sa 2022.

**Kailangan ng mga lungsod, metropolis at teritoryo ng mabilisan, pangmatagalan at matatag na pinansyal na suporta ng pamahalaan.** Naniniwala ang mga alkalde, unyon ng manggagawa, at awtoridad sa transportasyon na ang pinakamahusay na diskarte ay ang pagtutulungan sa makatarungang daan tungo sa paglikha ng disenteng mga oportunidad sa trabahong kinabibilangan ng mga impormal at pormal na manggagawang ang mga trabaho ay magbabago sa paglipat sa de-kuryenteng pampublikong transportasyon. **Ang mga manggagawang ito**, na nasa unahang linya sa pagharap sa pandemya na gumagarantiyang makabibiyahe ang milyon-milyong mga tao **ay may mga kasanayan at kaalaman na makapagpapahusay ng mga operasyon ng pampublikong transportasyon at mas mahusay na makapagpapakilala at makapagpapanatili ng bagong mga solusyon sa mobilidad.** Mahalaga ang isang may karanasan, mahusay na sinanay at may motibasyong manggagawa sa paglunsad ng mga pampublikong sistema ng transportasyong kailangan natin.

Para maihatid ang bisyong ibinabahagi natin bilang mga alkalde mula sa buong mundo, mga unyon at manggagawa sa transportasyon at pampublikong serbisyo, mga aktibista sa klima at ng ating mga kababayan, dapat gawing prayoridad ang pamumuhunan sa pampublikong transportasyon para sa mga pambansang plano sa pang-ekonomiyang pagbawi, at dapat gawing pangunahing layunin sa mga planong pangklima ang pagtaas ng pakikibahagi sa pampublikong transportasyon. Hindi sapat ang kasalukuyang mga pondong inilaan para sa pagbawi sa pampublikong transportasyon pagkatapos ng COVID-19.

Ipinapakita ng pananaliksik ng C40 na **$208 bilyon sa isang taon ang kailangan ngayong dekada para maihatid ang transpormasyon sa pangmaramihang transportasyong ito para sa halos 100 na C40 na lungsod na magkakasamang nag-aambag sa 25% ng pandaigdigang ekonomiya**. Dapat suportahan ang lahat ng lungsod para madoble ang proporsyon ng mga pagbiyahe gamit ang pampublikong transportasyon sa buong mundo ngayong dekada. Hinihimok namin ang mga pambansang lider na agarang **isulong ang kanilang ambisyon sa pampublikong transportasyon alinsunod sa bisyong ito bilang bahagi ng kanilang Natukoy na Mga Pambansang Kontribusyon**, at agad na magtakda ng daan patungo sa pagsasagawa nito sa loob ng isang taon bilang bahagi ng kanilang mga plano sa ekonomiya, gamit ang naaangkop at mabilis na pambatasan at pampinansyal na mga kagamitan para **maihatid ang lawak ng sakop ng pampublikong pamumuhunang kinakailangan para sa isang makabuluhang pangako sa modal na paglipat sa pampublikong transportasyon**. Bilang isang pinagsama-samang sistema, ang pampublikong transportasyon ay nangangailangan ng holistikong diskarte mula sa pamahalaan. Ang mga nasyonal na pamahalaan, lokal na awtoridad, alkalde, at internasyonal na institusyon ay dapat magtulungan para matiyak ang pantay na pampublikong transportasyon para sa lahat.

17 Polling data na isinagawa ng Clear PathStrategies sa ngalan ng C40

Gawin nating lugar ng oportunidad para sa lahat ang ating mga kalsada, na nakasentro sa mga tao ng ating mga lungsod at nagsusulong sa luntian at makatarungang paglipat sa pamamagitan ng pamumuhunan sa pundasyon ng mobilidad sa lungsod. **Pampublikong transportasyon ang kinabukasan.**

**Glasgow, November 10th 2021**

**Sadiq Khan**
Mayor of London, C40 Chair-elect

**Anies Baswedan**
Governor of Jakarta
C40 Sustainable Mobility Vice Chair

**Steve Adler**
Mayor of Austin

**Phil Goff**
Mayor of Auckland

**Ada Colau**
Mayor of Barcelona

**Claudia López Hernández**
Mayor of Bogotá

**Ekrem İmamoğlu**
Mayor of Istanbul

**Babajide Sanwo-Olu**
Governor of Lagos State

**Beppe Sala**
Mayor of Milan

**Eduardo da Costa Paes**
Mayor of Rio De Janeiro

**Oh Se-hoon**
Mayor of Seoul

**London Breed**
Mayor of San Francisco

**Anna König Jerlmyr**
Mayor of Stockholm

**Ron Huldai**
Mayor of Tel Aviv

**Kennedy Stewart**
Mayor of Vancouver

**Stephen Cotton**
ITF General Secretary

**Sharan Burrow**
ITUC General Secretary

**Ambet Yuson**
BWI General Secretary

**Heather Thompson**
ITDP Chief Executive Officer

**Rosa Pavanelli**
PSI General Secretary

**Mohamed Mezghani**
UITP Secretary General

**Sally Roever**
WIEGO International Coordinator

**Ellie Harrison**
Bring Back British Rail Coordinator

**Suzanne Jeffery**
CACCTU Chair

**Susan Galloway**
Get Glasgow Moving Treasurer

**Jennifer McCarey**
Glasgow TUC Chair




Cover image: © Jordan Siemens - Getty Images